SOUTHWEST GAS®

Tagalog



# Programa ng Ayuda sa Sakunang Pang-Emerhensiya ng California

Ang Programa ng Ayuda sa Sakunang Pang-Emerhensiya ng California (California Emergency Disaster Relief Program o EDRP) ay mga proteksiyon sa mamimili na iniutos ng Komisyon sa mga Pampublikong Utility ng California na idinisenyo upang tulungan ang aming mga mamimili ng California sa panahon ng idineklarang emergency.

## Mga Mamimili ng California

Nakasisiguro ang mga mamimiling residente at maliliit na negosyo sa mga tiyak na proteksiyon sa mga panahon ng idineklarang emergency sa pamamagitan ng EDRP.

Ang EDRP ay ipinapatupad sa sandali ng Deklarasyon ng Estado ng Emergency ng Gobernador ng California o isang Deklarasyon ng Estado ng Emergency ng Presidente kapag ang sakuna alinman ay:

- nagreresulta sa paggambala sa paghahatid o pagtanggap ng pangkalahatang serbisyo ng gas; at/o
- nagreresulta sa pagbaba sa kalidad ng serbisyong utility.

Isang paggambala sa paghahatid o pagtanggap ng serbisyong utility ay kapag ang isang sakuna ay nagresulta sa pagkasira ng isang istruktura, upang sa gayon ang serbisyong utility ay nagambala nang sinasadya o hindi sinasadya dahil sa mga alalahanin sa kaligtasan o mga aktibidad sa rekonstruksiyon upang tugunan ang pagkasira mula sa ipinahayag na kaganapan ng estado ng emergency.

Ang pagbaba ng kalidad ng serbisyong utility ay bumabang kalidad ng serbisyong gas na hindi tumutugon sa mga kinakailangan ng serbisyo tulad ng binigyang kahulugan sa taripa ng Southwest Gas.

Lumalapat ang mga proteksiyon sa mamimili ng EDRP sa sinumang mga mamimiling residente at malililit na negosyo na matatagpuan sa isang lugar na apektado ng sakuna at nakararanas ng isang paggambala o pagbaba sa kalidad ng kanilang serbisyong utility. Magpapatuloy ang mga proteksiyon ng EDRP sa loob ng 12 buwan pagkatapos na maideklara ang estado ng emergency, o tulad ng pagpapasya ng mga Opisina ng mga Serbisyong Emergency ng Gobernador ng California.

# Ano ang Sinasaklaw sa Ilalim ng EDRP sa Panahon ng isang Emergency?

- **Pagtigil sa paniningil**
  - Ang mga mamimili na apektado ng isang idineklarang emergency na ang serbisyo ay nagambala o bumaba ang kalidad ay hindi sisingilin sa panahon na ang kanilang serbisyong gas ay apektado.
- **Prorated na buwanang singil sa pag-akses at mga minimum na singil**
  - Ang mga buwanang singil sa pag-akses at minimum na singil ng mga mamimili ay magiging prorated base sa dami ng oras na hindi nabigyan ng serbisyo ang bahay at/o maliit na negosyo ng mamimili dahil sa idineklarang sakuna.
  - Ang mga buwanang bayarin ay ia-adjust base sa nabawasang konsumo sa panahon na ang bahay o maliiit na negosyo ng mamimili ay hindi naokupahan dahil sa sakuna.
- **Mga opsiyon ng plano sa pagbabayad**
  - Ang mga mamimili na apektado ng isang idineklarang emergency na may naunang balanseng hindi nabayaran at lumikas ay maaaring samantalahin ang mga plano ng pagbabayad kapag nagpapakabit ng serbisyo sa mga bagong tinutuluyan.
  - Ang unang bayad ay hindi hihigit sa 20% ng halagang dapat bayaran, na sinusundan ng mga magkatumbas na hulog sa natitira ng hindi bababa sa 12 siklo ng paniningil.
  - Para sa mga apektadong mamimili na may aktibong serbisyo na may hindi pa nababayarang balanse, ang isang plano ng pagbabayad ay gagawin sa isang panimulang bayad na hindi hihigit sa 20% ng halagang dapat bayaran, at na may mga magkatumbas na hulog sa natitira ng balanse na hindi bababa sa 8 siklo ng paniningil.
    - Walang multa sa pagbabayad nang mas mabilis ng hindi pa nababayarang balanse.
    - Walang interes na idadagdag sa hindi nabayarang balanse.
- **Mga kinakailangan ng mga sinuspindeng pagputol ng koneksiyon dahil sa hindi pagbabayad at waiver ng mga deposito at bayad sa pagiging huli para sa mga mamimiling residente**
  - Mga mamimili na apektado ng isang sakuna ay hindi puputulan dahil sa hindi pagbabayad.
  - Isang deposito at anumang mga kaugnay na bayad (mga bayad sa pagiging huli at mga bayad sa muling pagpapakabit) ay iwi-waive para sa mga apektadong mamimili na binabayarang huli ang kanilang mga bayarin. Tatagal ang waiver sa loob ng isang taon mula sa idineklarang Estado ng Emergency.
    - Ang mga nahuling pagbabayad ay hindi iuulat sa mga ahensiya na nag-uulat ng kredito o sa iba pang serbisyo ng pangongolekta/kredito
    - Interes sa mga hindi pa nababayarang balanse ay hindi isasama
- **Mga karagdagang proteksiyon para sa mga mamimili na kuwalipikado batay sa kita**
  - Ang mga mamimili na kasalukuyang nasa programa ng diskuwento sa bayarin ng CARE ay kuwalipikadong magpatuloy na tumanggap ng CARE sa loob ng hindi bababa sa 12 buwan na panahon pagkatapos ng idineklarang emergency. Ang mga mamimili na kuwalipikado batay sa kita ay magpapatuloy na tatanggap ng diskuwento sa bayarin ng CARE pagkatapos nito.

- Isususpinde ang lahat ng mga pagtanggal sa programang CARE sa panahon ng idineklarang emergency upang maiwasan ang hindi sinasadyang pagkawala ng diskuwento sa bayarin ng CARE. Isususpinde ang mga hiling sa muling sertipikasyon at beripikasyon ng kita sa panahon ng idineklarang emergency.

## Malimit na Itinatanong

- **Ano ang Programa ng Ayuda sa Sakunang Pang-emergency?**
  - Ang Programa ng Ayuda sa Sakunang Pang-emergency, Emergency Disaster Relief Program o EDRP, ay inangkop ng Komisyon ng mga Pampublikong Utility ng California noong 2019 upang siguruhin na ang mga mamimili sa utility ng California na nakararanas ng isang krisis sa pabahay o pinansiyal dahil sa isang sakuna, ay mapapanatili sa mga mahalagang serbisyong utility at makatanggap ng pinansiyal na suporta sa kanilang mga bayaring utility sa gitna ng isang sakuna.
- **Gaano tatagal ang mga proteksiyon sa mamimili ng EDRP na may bisa?**
  - Mananatili ang mga proteksiyon sa mamimili ng EDRP na may bisa sa loob ng hindi bababa sa labindalawang (12) buwan mula sa petsa ng deklarasyon ng estado ng emergency ng Presidente, ng Gobernador ng California o tulad ng angkop na pagpapasya ng Opisina ng mga Serbisyong Emergency ng Gobernador.
- **Sinasaklaw ba ang mga mamimili ng maliit na negosyo sa ilalim ng EDRP?**
  - Oo. Ang mga mamimili ng Maliit na Negosyo tulad ng binigyang kahulugan sa Blg. 1 ng Tuntunin – Mga Kahulugan ng taripa ng California ng Southwest Gas ay sinasaklaw ng mga tiyak na probisyon ng EDRP. Blg. 1 ng Tuntunin ay makikita dito.
- **Kung ang pangalan ay wala sa account, sinasaklaw ba ako ng EDRP?**
  - Oo. Ang mga proteksiyon sa mamimili ng EDRP ay lumalapat din sa sinumang mga nangungupahan o residente na wala sa account ng Southwest Gas ngunit ninanais na lumipat ng tirahan at muling magpakabit ng serbisyong utility sa kanilang sariling pangalan. Kapag nagpapakabit ng bagong serbisyo, dapat kilalanin ng mga nangungupahan o residente ang sarili sa pamamagitan ng pagsasaad na ang kanilang tinitirhan ay nasa lugar na apektado ng idineklarang sakuna at ang mga bayad at deposito sa pagpapakabit ng serbisyo ay iwi-waive.
- **Kung naantala ako sa aking bayarin, makatatanggap pa ba ako ng abiso ng pagputol?**
  - Hindi. Yamang ang mga pagputol ay sinuspinde, hindi ka makatatanggap ng abiso ng pagputol sa panahon na may bisa ang EDRP. Gayunman, dapat mong patuloy na bayaran ang iyong bayarin upang sa gayon mabawasan ang halaga ng iyong hindi pa nababayarang bayarin na dapat bayaran sa sandaling matapos ang EDRP.
- **Ano ang dapat na gawin ko kung may mga tanong ako tungkol sa aking bayarin?**
  - Maaari mong palaging iakses ang iyong account nang online sa pamamagitan ng MyAccount o tumawag sa Tulong sa Mamimili sa 877-860-6020

## Higit Pang Wika

- **Disponible en español**
- **简体中文版本**
- **提供繁體中文**
- **Có sẵn bằng tiếng Việt**

**swgas.com/edrp**